WCB FACTS 2024

MGA BENEPISYO PARA SA NAWALANG SAHOD PARA SA MGA (ITINUTURING) NA NAKAKONTRATANG MANGGAGAWA

Ang Workers Compensation Board (WCB) ay nagbibigay ng coverage at mga benepisyo para sa mga nakakontratang manggagawa na nasa mga pinamumunuang industriya. Ang mga indibidwal na nagtatrabaho nang nakakontrata para sa isang employer, ay maaaring iturin ng WCB na isang manggagawa para sa employer na iyon. Ang employer ay responsable sa pagbayad ng mga WCB premium para sa lahat ng itinuturing na manggagawa. Ang mga pamantayan para malaman kung sino ang kuwalipikado bilang "itinuturing" na manggagawa ay makikita sa Policy 35.10.50, *Status of Workers, Independent Contractors and Employers*.

Anong mga benepisyo ang maaari kong asahan mula sa WCB kapag nasaktan ako sa trabaho?

Ang isang buong listahan ng mga benepisyo na ibinigay ng WCB ay maaaring makita sa fact sheet na Benefits Guide o sa Injured Workers Handbook. Para makita ang lahat ng mga WCB fact sheet, mangyaring pumunta sa aming website sa: www.wcb.mb.ca/wcb-fact-sheets

Kailan maaaring mabayaran ang mga benepisyo para sa nawalang sahod?

Para makatanggap ng mga benepisyo para sa nawalang sahod, kailangan mong ipamalas ang aktwal na pagkawala ng mga kinita dahil sa iyong pinsala.
Ang buong mga benepisyo para sa nawalang sahod ay awtorisado lamang kung hindi mo magampanan ang anuman o ang lahat ng mga tungkulin, bilang suportado ng ebidensiyang medical, at kung wala kang mga kinita matapos ang pinsala.

Kung magagawa mo ang ilan sa iyong mga regular na tungkulin o mga binagong tungkulin, o kung ikaw ay may mga kita matapos na mapinsala, maaari kang maging karapat-dapat para sa mga bahagyang benepisyo para sa nawalang sahod. Ang kinita sa negosyo na magpapatuloy matapos na ikaw ay mapinsala ay gagamitin para mabawasan ang iyong karapatan para sa nawalang sahod.

Aling impormasyon ang ginagamit para kalkulahin ang mga benepisyo para sa nawalang sahod para sa mga itinuturing na manggagawa?

Kapag natanggap na ang iyong claim, ang inisyal na rate ng mga karaniwang kita ay kakalkulahin gamit ang impormasyon ng gross contract earnings (kinita na hindi kasama ang mga pagbabawas) mula sa iyong employer at ang itinalagang porsiyento ng trabaho ng WCB para sa industriya kung saan ka nagtatrabaho.

Ano ang porsiyento ng trabaho?

Ang isang itinuturing na manggagawa ay binabayaran batay sa isang kontrata. Madalas ang kontrata ay para sa trabaho, mga materyales at kagamitan.

Ang WCB ay bumuo ng isang Schedule ng Porsiyento ng Trabaho para mahiwalay ang bahagi ng trabaho ng kontrata mula sa presyo ng mga materyal at kagamitan. Ang schedule na ito ay nagtatakda ng pamantayang porsiyento ng trabaho para sa iyong industriya at isang hindi nagbabagong porsiyento na kumakatawan sa isang average para sa industriya. Basahin ang Assessment Schedule for Contract Labour fact sheet na makikita sa ilalim ng Employer Fact Sheets at FAQ sa website ng WCB.

Ang porsiyento ng trabaho sa iyong industriya ay ginagamit sa iyong kabuuang gross na kita ayon sa kontrata para maitatag ang iyong average na rate ng kita at para malaman ang halaga ng premium na halaga na may pananagutan ang itinuturing na employer na bayaran para sa coverage ng WCB sa ngalan mo.

Paano kinakalkula ang aking mga kita para sa mga benepisyo para sa nawalang sahod?

Para kalkulahin ang iyong mga kita para sa layunin ng benepisyo para sa nawalang sahod, dapat munang tiyakin ng WCB ang iyong gross na taunang sahod, na kinakalkula bilang porsiyento ng iyong gross na kita ayon sa kontrata:

Kinita na hindi kasama ang mga pagbabawas x Porsiyento ng Trabaho) =
Sahod na hindi kasama ang mga pagbabawas

Ibabawas ng WCB ang mga komisyon ng kompanya at/o mga sahod na binayaran sa mga ibang manggagawa mula sa iyong kinita na hindi kasama ang mga pagbabawas bago ilapat ang porsiyento ng trabaho.

Ipalagay natin na ang iyong kinita na hindi kasama ang mga pagbabawas ay $100,000 tulad ng iniulat ng iyong employer at ikaw ay nagbayad ng $5,000 sa isang taong kinuha mo para magtrabaho at ang porsiyento ng trabaho sa iyong industriya ay 25%:

Kinita na hindi kasama ang mga pagbabawas na iniulat ng iyong employer ay	$ 100,000
Mas kaunting mga komisyon ng kompanya at sahod na ibinayad sa manggagawa	- 5,000
Iniakmang gross kinita na hindi kasama ang mga pagbabawas	$ 95,000
Porsiyento ng trabaho	x 25%
Taunang mga kita para sa mga benepisyo para sa nawalang sahod ng WCB	= $23,750

Ang mga taunang kita (kinalkula sa itaas) ay hinahati sa 52 linggo upang makuha ang gross na lingguhang halaga.

Paano kinakalkula ang mga net ng mga benepisyo para sa nawalang sahod matapos ang mga pagbabawas?

Upang malaman ang net ng mga kita, naglalagay ang WCB ng mga posibleng pagbabawas at mga credit sa buwis. Nakabatay ang mga pagkukuwenta sa mga pamantayang pagbabawas at mga kredit sa buwis na ginagamit ng Canada Revenue Agency (CRA, Ahensya ng Kita ng Canada), na may pagsangguni sa *Income Tax Act*.

Kabilang sa mga posibleng pagbabawas ang:
- buwis sa kita,
- Plano para sa Pensyon ng Canada (Canada Pension Plan o CPP),
- mga primyum sa Employment Insurance (EI, Seguro sa Trabaho), at
- iba pang mga pagbabawas na maaaring itatag ng Lupon ng mga Direktor sa pamamagitan ng regulasyon.

Kasama sa mga tax credit ang mga na-claim para sa mga pangunahing personal na halaga, halaga para sa asawa o common-law partner, mga umaasang anak, mga gastos sa pag-aalaga ng anak at mga pagbabayad ng sustento sa asawa kung iuulat mo ang mga credit na iyon sa iyong income tax return.

TANDAAN: Ang mga posibleng pagbawas ay kumakatawan sa mga tinantiyang halaga; walang aktwal na pagbabayad na ginawa sa ngalan mo para sa income tax, sa mga kontribusyon sa CPP o EI premium.

Ang impormasyong ito ay mahalaga para sa pagkalkula ng iyong mga benepisyo at dapat na sumang-ayon sa impormasyong iyong iniulat sa Canada Revenue Agency.

Hindi binubuwisan ang mga benepisyo ng WCB. Upang mapahupa ang benepisyo sa buwis na nilikha ng iyong binawasang mabubuwisang kita, binabawasan ng WCB ang antas ng benepisyo upang mas malapit na sumalamin sa iyong taunang pagkawala ng mga kita.

Sa karamihan sa mga sitwasyon, ang iyong antas ng benepisyo sa WCB ay nakabatay sa 90% ng net ng mga kita. Kung ang iyong net na kawalan ng kita ay mas mababa o katumbas ng minimum na taunang kita, ang iyong rate ng benepisyo ay 100% ng iyong net ng kita. Kung ang 90% ng net ng kawalan ng kita mo ay mas mababa kaysa sa matatanggap mo batay sa 100% ng net na minimum na taunang kita, ang rate ng iyong benepisyo ay batay sa 100% ng iyong net ng mga kita.

Ang pinakamababang taunang mga kita na may bisa simula noong Oktubre 1, 2023 ay $31,824 at ang halagang ito ay mananatiling pareho lang hanggang Enero 1, 2024.

Mula Enero 1, 2022, ang *The Workers Compensation Act* ay nagtakda ng isang limitasyon sa pinakamataas na mga maaaring ma-insure na mga kita. Para sa mga pinsala sa o makalipas ang Enero 1, 2024, ang limitasyon ay $160,510.

Paano kung hindi ako sumasang-ayon sa ginamit na porsiyento ng trabaho?

Maaari kang mag-request ng isang review ng average ng mga kita. Ang iyong kahilingan para sa pagsusuri ay dapat kabilangan ng kinakailangang impormasyon para suportahan ang iyong kahilingan.

Kapag kulang ang impormasyon ng WCB, ang iyong average na kita at porsiyento ng trabaho ay muling kakalkulahin gamit ang net income formula at ikukumpara ang mga resulta sa orihinal na kalkulasyon (tingnan sa itaas). Ang formula na nagbibigay sa iyo ng mas mataas na average ng kita ang gagamitin.

Ang anumang pagtaas sa rate ng iyong benepisyo mula sa pagsusuri ng mga karaniwang kita ay paiiralin sa petsa ng pinsala. Ang anumang pagbaba sa rate ng benepisyo na nagreresulta mula sa pagsusuri ng mga karaniwang kita ay epektibo sa pang-13 linggo.

Ano ang net income formula?

Gagamitin ng WCB ang iyong mga income tax return at sumusuportang dokumento para beripikahin ang iyong net ng kita sa negosyo. Ang allowance para sa depreciation/capital cost at mga gastos dahil sa paggamit sa bahay para sa negosyo ay idadagdag pabalik sa iyong net ng kita sa negosyo para umabot sa iyong in-adjust na net ng kita sa negosyo.

Paano kung kumita ako matapos ang pinsala?

Gagamitin ng WCB ang parehong porsiyento ng trabaho para kalkulahin ang kinita matapos ang pinsala tulad ng paggamit namin para makalkula ang iyong kinita bago ang pinsala.

Susuriin namin ang iyong kinita sa negosyo matapos ang pinsala batay sa impormasyon na iyong binigay hanggang maaari naming i-beripika ang iyong aktwal na nawalang kita sa iyong financial statements. Ang iyong kinita sa negosyo matapos ang pinsala ay maaari rin kumpirmahin ng CRA.

Ano ang mangyayari kung ako ay nasa benepisyo nang mahigit pa sa 12 linggo?

Kung ikaw ay nasa benepisyo nang mahigit pa sa 12 linggo, beberipikahin namin ang iyong taunang karaniwang kita, kung hindi pa nagagawa. Hihilingin namin sa iyo na pirmahan ang isang dokumento na nagpapahintulot sa WCB na kumuha ng mga kopya ng iyong income tax returns mula sa CRA sa nakaraang isa hanggang dalawang taon, o sa ilang pagkakataon, hanggang sa limang taon. Ibeberipika ng WCB ang iyong gross average para sa taunang kita ayon sa kontrata gamit ang impormasyong natanggap mula sa CRA.

Ang mga benepisyo ay magpapatuloy batay sa iyong ibineripikang karaniwang gross contract earnings (kinita na hindi kasama ang mga pagbabawas), at ang impormasyong iyong ibinigay sa iyong kinita sa negosyo matapos ang pinsala at ang anumang sahod na binayad sa mga ibang manggagawa.

Maaari bang baguhin ang mga benepisyo para sa nawalang sahod?

Ang lahat ng mga benepisyo ay sakop sa rebisyon sa anumang oras, at batay sa natanggap na bagong kinita sa negosyo matapos ang pinsala at/o impormasyon ng mga operasyon ng negosyo.

Kanino ako dapat makipag-ugnayan para sa karagdagang impormasyon?

Kung ikaw ay may mga tanong hinggil sa pagkalkula o pagbabayad ng mga benepisyo, mangyaring tumawag sa aming Claims Service Centre sa 204-954-4321 o walang bayad sa 1-855-954-4321 at hilingin na makipag-usap sa isang payment assessor o payment supervisor.

Maaari ka ring sumulat sa amin sa:

Workers Compensation Board of Manitoba
Compensation Services
Atensyon: Payment Assessor
333 Broadway, Winnipeg, MB R3C 4W3

Ang paglalathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi nito nilalayong maging legal na payo, at hindi dapat umasa dito para sa layuning iyon. Para sa mga mas tiyak na impormasyon, tingnan ang *The Workers Compensation Act and Regulations at ang Mga Patakaran ng WCB.* Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.